(Pampublikong Samahan) Asosasyong Pandaigdig sa Lungsod ng Kawasaki

# KIAN Kumusta Kawasaki

Nakalathala sa wikang-Hapon, Ingles, Chinese, Koreya/Tsosen, Espanyol, Portugis, Filipino, Biyetnamis, Taylandis, Indonisya, Nepalis at Madaling-Hapon
Makikita rin sa website ng Asosasyon https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html
〒211-0033 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken
Tel: 044-435-7000 Fax: 044-435-7010 https://www.kian.or.jp/ E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp

****************************************

## Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki
## 2025 Pandaigdig na Festival sa Kawasaki

Manood sa talk show ni Mr.Rune Hoshino, may akda ng "Manga, Kinalabasan ng isang African boy na lumaki sa Japan". Magkakaroon din ng kantahan at sayawan mula sa iba't ibang panig ng mundo at rehiyon, pagtatanghal ng mga pribadong organisasyon, mga lutuin mula sa iba't ibang panig ng mundo, stamp rally atbp. Bata man o matanda ay tiyak masisiyahan.




Kailan : Nobyembre 9, 2025（Linggo）10:00am-4:00pm
Saan : Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki
Nilalaman :
- Mga lutuin mula sa iba't ibang panig ng mundo (Kitchen-car)
- Mga produkto mula sa iba't ibang panig ng mundo (Mga paninda ng mga katutubong sining at accessories mula sa ibat-ibang bansa)
- Mga palabas ng ibat-ibang bansa tulad ng tradisyonal na sayaw/musika at Taiko
- Pagranas sa pagsuot ng kimono, tea ceremony, foot mezza atbp.
- Consultation corner (Administrative-scrivener, Immigration Services Agency, Japan Pension Service atbp)

Sponsor : International Festival Executive Committee
(Kawasaki International Private Organization Council • Kawasaki Int'l. Association)

****************************************

## Magsasagawa ng oryentasyon para sa pamumuhay ng dayuhan na magsisimulang maninirahan sa lungsod ng Kawasaki

**Tatalakayin ang mga pangunahing bagay na mapapakinabangan sa araw-araw napamumuhay!**




■ Ika-1 sesyon Petsa : Nov.12 (Miyerkules) 7:30pm-8:15pm
■ Ika-2 sesyon Petsa : Nov.14 (Biyernes) 10:50am-11:35am
Lugar : Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki
■ Ika-3 sesyon Petsa : Nov.29 (Sabado) 10:00am-3:00pm
Lugar : Nakahara Civic Hall (Nakahara Kodomo Mirai Fiesta)
■ Katanungan：Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki
Tel：044-435-7000 E-Mail：soudan39@kian.or.jp


## Mag-ingat sa Manloloko(scam)！

Dumarami ang kaso ng mga dayuhang nabibiktima ng panloloko sa Japan. Halimbawa, may mga scam sa telepono na nagpapanggap bilang kawani ng imigrasyon o ahensya ng pulis, mapanlinlang na paggamit ng bank account, credit card at pag-iiscam ng mga turista. Marami sa mga scam na ito ay sinasamantala nila ang kakulangan sa kaalaman sa lengguahe at sistema sa Japan. Kung naging biktima ka ng scam,mangyaring kumonsulta sa mga sumusunod.

- **Houterasu**：Multilingual na legal support, Tel: 0570-078-374 9:00am-5:00pm
- **Pulis o Consultation center**：Tumawag sa #9110 (Nationwide) o kumonsulta sa pinakamalapit na pulis station.
- **Consumer Affair Center**： Tumawag sa Consumer Hotline 188 (Iyaya), maaring kumonsulta tungkol sa scam (Sa wikang-hapon lamang)

# Masaya at kapaki-pakinabang na kursong Hapon para sa mga Dayuhan

Mahigit kumulang ng10 estudyante bawat seksyon. Ang mga aralin ay sa maliit na pangkat na grupo. Mayroon ding mga kaganapan upang maunawaan ang mga rehiyon ng Japan at pag-iwas sa kalamidad.



**Ika-2 Semestre na kurso pang-umaga**
Araw：Martes at Biyernes (9:50am-11:50am)
Panahon：Set.12-Nob.14
Sesyon：18 Sesyon
Halaga：¥9,900 (Bukod ang aklat)
- Mayroon paalaga（1yr. Old pataas, libre)



**Ika-2 Semestre na Kursong pang-gabi**
Araw：Miyerkules (6:30pm-8:30pm)
Panahon：Set.3-Nob.12
Sesyon：11 sesyon
Halaga：¥6,050（bukod ang aklat）
- Walang paalaga

Maaring mag-try ng trial lesson,1 beses ¥550! Malayang sumubok.

Lugar : Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Telepono : 044-435-7000

Tumawag sa : Asosasyon Pandaigdig ng Kawasaki

E-mail address : kiankawasaki@kian.or.jp

*****************************************************************************************

## Konsultasyon pang dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

**Huwag mag-atubiling komunsulta kapag may problema at may nais na itanong (Libre）**

Maari ding komunsulta Online gamit ang ZOOM !

Ang reserbasyon ay nasa website

Oras ng pakonsulta **9:00am-5:00pm(Kahit na tanghalian)**

Direktang numero **Tel. 044-455-8811**

**Ang konsulta sa tagapayo ay maaring face-to-face, telepono, e-mail o sa zoom online.**
**Kahit na wala ang tagapayo sa hangad na wika, gagamit ng 3 way call translation para kayo ay mapagsilbihan.**

| Wika | Araw | Paraan ng pagtanggap |
|---|---|---|
| Madaling Hapon, Ingles, Chinese, Potugis, Espanyol, Filipino, Nepalis, Koriyan,Taylandis at Betnamis | Lunes-Sabado | Wikang may suporta ng tagapayo (Paalala) Depende sa araw ay maaring wala ang tagapayo, sagayon ay isasagawa ang konsultasyon gamit ang 3 way call phone translation |
| Indonisiya | Lunes-Biyernes | |
| Hindu, Pranses, Russian, Malay at Burmese | Lunes-Biyernes | Maaring komunsulta sa pamamagitan ng 3 way call phone translation |

Reserbasyon sa Online-na konsultasyon

Website ng KIAN

## Pakonsultahan sa Administrative Scrivener

Malawak ang hanay na maaaring ikonsulta sa administrative scrivener, ang pangunahin ay tungkol sa iba't ibang lisensya at permiso. Mga paghahabol at pamamaraan ng pamana,katayuan sa paninirahan,Kabilang na rin ang pormalidad sa pagbuo ng kompanya,paggawa ng kontrata,paghahanda ng testamento,pamamaraan ng mana atbp.

**Tuwing ika-3 Linggo ng bawat buwan. Ang pakonsulta ay sa Japanese ngunit maaring magpareserba ng interpreter at may bayad ito.**

Oktubre 19（Linggo）2:00pm-4:00pm （2F Conference room, Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki）

Nobyembre 9（Linggo）10:00am-4:00pm （Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki, 2025 International Festival ng Kawasaki）